

Lapis ni Lita

Si Lita ay may bagong lapis. Ginamit niya ito sa pagsusulat sa paaralan. Masaya si Lita dahil bago at matalas ang kanyang lapis. Ipinahiram niya ito sa kanyang kaibigan.

Mga Tanong:

1. Sino ang may bagong lapis?
2. Saan ginamit ni Lita ang kanyang lapis?
3. Bakit masaya si Lita?
4. Ano ang ginawa ni Lita sa kanyang lapis?

Aso ni Marco

May alagang aso si Marco na si Bantay. Mahilig si Bantay tumakbo sa bakuran. Tuwing umuuwi si Marco, nilalapitan siya ni Bantay. Mahal na mahal ni Marco si Bantay.

Mga Tanong:

1. Ano ang pangalan ng aso ni Marco?
2. Saan tumatakbo si Bantay?
3. Ano ang ginagawa ni Bantay tuwing umuuwi si Marco?
4. Ano ang nararamdaman ni Marco kay Bantay?

Palengke

Pumunta sina Nanay at Ana sa palengke. Bumili sila ng gulay at prutas. Tumulong si Ana sa pagbubuhat ng bayong. Masaya silang umuwi sa bahay.

Mga Tanong:

1. Sino ang magkasama sa palengke?
2. Ano ang binili nila?
3. Paano tumulong si Ana?
4. Ano ang naramdaman nila sa pag-uwi?

Ulan

Umulan nang malakas kahapon. Naglaro si Junjun sa ulan kahit siya ay nabasa. Tuwang-tuwa siya habang tumatalon sa baha. Pagkatapos, naligo siya at uminom ng mainit na tsokolate.

Mga Tanong:

1. Ano ang panahon kahapon?
2. Sino ang naglaro sa ulan?
3. Ano ang ginawa ni Junjun habang umuulan?
4. Ano ang ginawa niya pagkatapos maglaro?

Buwan ng Wika

May paligsahan sa paaralan para sa Buwan ng Wika. Nagsuot si Carla ng baro't saya. Tumula siya sa harap ng klase. Pinalakpakan siya ng lahat. Matagumpay niyang naibahagi ang tula.

Mga Tanong:

1. Anong okasyon ang ipinagdiriwang sa paaralan?
2. Ano ang suot ni Carla?
3. Ano ang ginawa ni Carla sa harap ng klase?
4. Paano siya pinasalamatan ng mga kaklase?

Si Mingming

May kuting si Ella na ang pangalan ay Mingming. Mahilig si Mingming matulog sa tabi ng bintana. Binibigyan siya ni Ella ng gatas araw-araw. Masaya si Ella sa kaniyang alagang kuting.

Mga Tanong:

1. Ano ang alaga ni Ella?
2. Saan madalas matulog si Mingming?
3. Ano ang ibinibigay ni Ella kay Mingming?
4. Ano ang nararamdaman ni Ella?